**EmCee: Ano ang Pambansang isda ng Phils.? (Note: correct answer is Bangus/Milkfish)**
**Brainless: Pating?!**
**Emcee: Mali! O eto ang clue: "Ito ay nagsisimula sa letrang "B".**
**Brainless: Balyena!?**
**MC: Mali na naman! Another clue, 100 times na mas maliit sa balyena.**
**BL: Alam ko na!...BUTETE!!**

EmCee: Ano ang national animal ng Pilipinas? It begins with the letter K. (Kalabaw)
Brainless : Kuto!
MC : Mali! Sa lupa ito gumagalaw, hindi sa ulo.
BL : Kutong-lupa?

MC : Ano ang national animal ng Australia? It begins with the letter K. (Kangaroo)
BL : Kalabaw!
MC : Mali! It ends with the letter O.
BL : Kabayo!
MC : Mali pa rin! Tumatalon-talon ito.
BL : Kuneho!
MC : Mali pa rin! It ends with double-O.
BL : KunehO-O?

MC : Ano ang national dress ng Pilipinas with the letters B and S? (Baro at Saya)
BL : Blouse and skirt!

MC : Ano ang tawag sa tagasagip sa nalulunod? (Lifeguard)
BL : Safeguard!
MC : Mali! It begins with the letter L.
BL : Lifebuoy?

MC : Sino ang latest Darna with the initials AA? (Anjanette Abayari)
BL : Anthony Alonzo!
MC : Mali! Babae siya.
BL : Alicia Alonzo?

MC : Sino ang national hero ng Pilipinas? The initials are JPR. (Dr. Jose P. Rizal)
BL : Jeric P. Raval!
MC : Mali! He is a doctor.
BL : Dr. Jeric P. Raval?

MC : Ano ang national bird ng Pilipinas? It begins with the letter M. (Maya)
BL : Manok!
MC : Mali! Kulay brown ito.
BL : Pritong Manok?
MC : Mali! Maliit na maliit ito.
BL : Maggi Chicken Cube!

MC : Sino ang tinaguriang concert queen ng Pilipinas with initials PF? (Pops Fernandez)
BL : Pernando Foe!
MC : Mali! Queen nga, e, di babae!
BL : Mrs. Pernando Foe --- si Susan Roces.

MC: Sino ang action king ng Phil. movies? Ang kanyang initials ay F.P. (correct answer is Fernando Poe)
BL: Eh, di si Fops Pernandez!
MC: Mali, may Junior siya sa huli
BL: Fops Pernandez, Jr.?!

MC : Ano ang national flower ng Pilipinas? It begins with the letter S. (Sampaguita)
BL : Sitsaron!
MC : Mali! Flower sabi, hindi pagkain.
BL : Sitsarong bulaklak?
MC : Mali! It ends with the letter "A".
BL : Sitsarong bulaklak with suka!
MC : Mali pa rin! Kapangalan ito ng isang singer.
BL : Sharon Cuneta.

MC : Sino ang pumatay kay Magellan? Initials niya ay LL. (LapuLapu)
BL : Lito Lapid!
MC : Mali! Inuulit ang pangalan.
BL : Lito Lito!
MC : Mali pa rin! First name lang.
BL : LotLot!
MC : Hindi! Mas mahaba iyon.
BL : LotLot ... and Friends?

MC : Sino ang American martial arts expert with the initials CN? (Chuck Norris)
BL : Chuck Norri!
MC : Lagyan mo naman ng S!
BL : Chucks Norri?

MC : Sino ang ating bayaning tinaguriang "Ang Dakilang Lumpo" with the initials AM? (Apolinario Mabini)
BL : Si Alma Moreno!

MC : Mail! Lalaki iyon.
BL : Si Mr. Alma Moreno?
MC : Mali! Patay na iyon.
BL : Ha? Namatay na si Alma Moreno?

MC : Ano ang kaharap ng writer sa trabaho na nagsisimula sa letter M?(Makinilya)
BL : Money!
MC : Hindi! Ginagamitan ito ng mga daliri.
BL : Manicure?
MC : Mali pa rin. Ito ay may ribbon.
BL : Manika!
MC : Mali na naman. Ito ay may maraming letters.
BL : Mailbox!
MC : Hindi. Ito ay may kulay.
BL : Mens!

MC : Ano ang tawag sa gamit na pang-hapagkainan na bilog at kadalasa'y gawa sa ceramic o porcelain at nagsisimula sa letter P? (Plato)
BL : Platito!
MC : Mali! Mas malaki ito kesa sa platito.
BL : Palanggana?
MC : Mali pa rin! Ginagamit ito sa pagkain.
BL : Pustiso!

MC : After one year, ipinagdiriwang ito tulad ng "Unang A "? (Anibersaryo)
BL : Away!
MC : Mali. Ito ay may kinalalaman sa inyong relasyon bilang mag-asawa.
BL : Annulment.
MC : Mali na naman. Ito ay patunay sa inyong matamis na pagsasama.
BL : Aneymoon!
MC : Mali uli. Sa 25 years, ang tawag ay silver. Sa 50 years, golden.
BL : Alahas!
MC : Hindi. Para dito, kadalasan may handaan.
BL : Apunan!

MC : For movie publicity, ito ay pagpupulong with reporters at may mga letrang PC? (Press Conference)
BL : Philippine Constabulary!
MC : Mali. May pagkain dito.
BL : Ponge Cake!
MC : Hindi. May mga reporters nga na sumusulat para sa movie magazine.
BL : Pilipino Classics!
MC : Hindi. First word is Press.
BL : Pres Cory!

MC : Si Inday Badiday ay tinaguriang Reyna ng . It starts with the letter I. (Intrigues)

BL : I to I!
MC : Mali. Ito ay source ng mga away.
BL : Isnaban!
MC : Hindi. Ginagamit ito ng ibang mga artista at producers para kumita ang kanilang pelikula.
BL : Interview!
MC : Hindi! Ito ay nakakainis!
BL : Insekto!

MC : Sino ang unang Chess Grandmaster of Asia na kapangalan ang isang chess piece? (Eugene TORRE)
BL : Carole KING!
MC : Mali! Mas mababa sa King.
BL : Al QUINN?
MC : Mali. Tagalog/Spanish ang apelyido niya.
BL : Armida Siguion-REYNA?
MC : Try again. Mas mababa sa reyna.
BL : BISHOP Bacani!
MC : Mali. Mas mababa pa sa bishop.
BL : Johnny MidNIGHT!
MC : Hay, naku, mas mababa pa sa knight.
BL : Jerry Pons!
MC : Bueno, nabanggit mo na halos lahat ng chess figures. Isa na lang ang hindi pa at iyon na iyon!
BL : Ah, si Sylvia La Torre!

MC : Ano'ng flotation device ang ginagamit sa dagat upang hindi ka malunod na nagsisimula sa letter S? (Salbabida)
BL : Sirena?
MC : Mali! Hindi ito babae!
BL : Siyokoy?
MC : Mali pa rin! Hindi ito lalaki!
BL : Siyoke!

MC : Saan binaril si Jose Rizal? Nagsisismula sa letter B. (Bagumbayan)
BL : Sa back!
MC : O, sige. Pwede na rin na sa L nagsisimula ang sagot. (Luneta)
BL : Likod?
MC : Hindi pa rin. Para mas madali, RP and initials ng modern name ngayon. (Rizal Park)
BL : Sa rear part!

MC : Saan tayo madalas pumunta kung summer para maligo? It starts with the letter B. (Beach)
BL : Banyo!
MC : Mali. Kapag pumunta ka doon, maaarawan ka.
BL : Bubong!
MC : Mali pa rin. Marami ka'ng makikitang mga babaeng naka-bikini doon.
BL : Beerhouse!

MC: Ano ang 2 + 2? (Note: correct answer is 4)
BL: Tri ?!
MC: Mali! O eto ang clue: "Taasan mo ng konti".
BL: (in a higher tone) TRI?!!

(Translations from WikaPedia : Help populate our online dictionary, submit any Filipino words that you know)

Joomla SEO powered by JoomSEF